MGA KASAYSAYAN NG PROPESIYA

AMAZING FACTS

Ang Sayaw ng Anak na Babae

Markos 6:17-29

Ang Kasaysayan...

Si Herodias, ang asawa ni Herodes, ay namumuhi kay Juan Bautista. Ang propetang tumatahan sa ilang ay may lakas-loob na tinawag siyang mangangalunya, dahil iniwan niya ang kanyang asawang si Felipe upang mapangasawa ang malupit at higit na mayamang kapatid nito. Ngayon, ang malupit na reyna ay nagtalagang gagamitin ang kanyang impluwensya kay Herodes upang makaganti kay Juan. Pinakiusapan niya ang una upang ipakulong ang huli. Hinimok niya si Herodes na ipapatay si Juan, ngunit tumanggi ito. Batid nitong tunay na propeta si Juan at natatakot siya sa paghihiganti na gagawin ng taong-bayan.



Sa wakas, si Herodias ay nakaisip ng paraang walang pagsalang magtatagumpay. Naghanda siya para sa kaarawan ni Herodes at inanyayahan ang lahat ng mga kaibigan nito at ang mga mararangal na tao ng kanyang kaharian; at hinimok ang kanyang magandang anak na si Salome na sumayaw sa isang kaakit-akit at kahahihalinang paraan. Inaasahan niya na pagkatapos ng ilang baso ng alak, ay tatanungin ni Herodes kung ano ang gusto ng dalaga na maging gantimpala para sa kanyang nakababaliw na sayaw.

Ang kanyang maitim na balak ay nagtagumpay. Pagkatapos ng sayaw, si Herodes ay nagsabi ng isang mapagmataas na pangako: "Anuman ang hingin mo sa akin, ay ibibigay ko sa iyo, maging ang kalahati ng aking kaharian." Markos 6:25. Habang pinapalakpakan ng mga lango nang panauhin ang kagandahang-loob ng hari, ang dalaga ay tumindig para sa kanyang nakahanda ng tugon. At ginulat niya ang lahat nang kanyang hilingin ang ulo ng propeta na nasa isang pinggan. Si Herodes ay lubhang nagulantang sa nakapangingilabot na kahihingan, ngunit ang lahat na guhilat niyang mga panauhin ay nagbabantay sa kanyang tugon. Natatakot na maging mahina sa paningin ng kanyang mga panauhin, atubiling ipinagkaloob ng hari ang utos. Nang gabing yaon, ang makapangyanihang propeta ay nagiisang pinugutan ng ulo sa bilangguan.

Hindi ito ang unang pagkakataon na ang ina at anak ay magkatulong na ginamit ang pamahalaan upang usigin ang bayan ng Dios.

Ang Pag-aaral…

Punan ang mga puwang pagkatapos na basahin ang bawat talata ng Biblia.

1. Sino pang mag-ina ang magkatulong na umusig sa bayan ng Dios sa Matandang Tipan?

I Hari 18:13 *Nang patayin ni _____ ang mga propeta ng Panginoon.*

2 Hari 11:1 *Nang makita nga ni _____ … na ang kanyang anak ay patay, siya'y tumindig at nilipol ang lahat na lahing hirang.*

PALIWANAG: Sa Matandang Tipan, si Jezebel at ang kanyang anak na si Athaliah ay bantug sa kanilang malupit na pangangasiwa ng mga kaharian ng Israel at Juda, at sa pamimilit ng pagsambang pagano sa mga anak ng Dios.

2. Ano ang pabalita ng ikalawang sugong anghel ng Apokalipsis 14?

Apokalipsis 14:8 *At ang iba ang pangalawang anghel, ay sumunod na nagsasabi, _____. naguho ang _____ _____, na siyang nagpainom sa lahat ng bansa ng alak ng kagalitan ng kanyang pakikiapid.*

PALIWANAG: Ang Apokalipsis 14 ay naglalaman ng tatlong mahahalagang pabalita na dapat makarating sa buong sanlibutan bago dumating sa ikalawa ang Panginoong Jesus. Sa araling ito ay pagaaralan natin ang ikalawang pabalita. Ang sakdal ng Dios laban sa Babilonya ay linango nito ang lahat ng mga bansa ng kanyang nakalalasing na alak. Tinatalakay ng araling ito ang ilang lubos na matuwid at nakababagabag na mga pabalita kapwa sa mga mananampalatayang Katoliko at Protestante. Tandaan na ang pabalita ng ikalawang sugong anghel ay mula kay Jesus, ang Isa na minamahal nating lahat. Buksan ninyo ang inyong puso sa Kanyang katotohanan, sapagkat ang tangi Niyang adhikain ay iligtas at pagpalain kayong lahat.

3. Anong simbolo para sa Babilonya ang ginamit ng Dios sa Apokalipsis 17?

Apokalipsis 17:18 *At ang _____ na iyong nakita ay ang dakilang bayan, na naghahari sa mga hari sa lupa.*

PALIWANAG: Sa propesiya ng Biblia, ang babae ay kumakatawan sa Iglesya. Ang malinis na babae ay simbolo ng tunay na iglesya ng Dios na inilalarawan sa Apokalipsis 12. Ang di tapat na babae ay kumakatawan sa isang iglesya na tumalikod sa katotohanan ng mga Kasulatan. Nakatitiyak tayo kung sino ang bumagsak na babaeng ito, sapagkat ang Apokalipsis 17:18 ay nagsasabi na siya ang namamahalang kapangyarihan nang isulat ang Apokalipsis. Sinasabi ng kasaysayan na ang Roma pagana (Lukas 2:1) ang nagsalin ng kapangyarihan, punong lungsod, at pamamahala nito sa Roma sa pangangasiwa ng kapapahan.

4. Ano pang ibang mga katibayan mula sa Apokalipsis 17 ang nagpapakilala na ang Babilonya ay tumutukoy sa Roma sa ilalim ng kapapahan?

A. *Siya ay nagkasala ng pamumusong (talatang 3).*
B. *Siya ay nakadamit ng kulay ube at pula (talatang 4).*
C. *Siya ay tinawag na Ina (talatang 5).*
D. *Siya ay may mga anak sa pagkapatutot (talatang 5).*
E. *Kanyang inusig at ginawang mga martir ang mga banal (tal. 6).*
F. *Siya ay nakaupo sa "pitong bundok" (talatang 9).*
G. *Siya ay naghari sa "mga hari sa lupa" (talatang l8).*

PALIWANAG: Ang Roma sa ilalim ng pangangasiwa ng kapapahan ay lapat sa bawat paglalarawan. Ang punong-tanggapan nito ay nasa Roma—"ang lungsod ng pitong bundok". Pula ang kulay ng mga kasuotan ng mga kardinal, at ang papa ay madalas na nakasuot ng pangmaharlikang kulay ube sa mga mahahalagang pagdiriwang. Malayang inaamin ng Iglesya Katolika na nang Kalagitnaang Panahon ay kanilang pinagusig ang mga banal at pinangasiwaan ang mga hari ng lupa. (Pagbalik-aralan ang araling 13 para sa mga katibayan na ang kapapahan ay nagkasala ng pamumusong). Sakdal ang pagkakalapat ng simbolismo ng Dios—Inang Iglesya na bumagsak na ang mga anak sa kanyang pagbagsak ay naghimagsik at tinawag na mga Protestante. Pansinin ang siping ito mula Kay Padre James A. O'Brien: "Ang pangingilin (ng Linggo sa halip ng Sabado) ay nananatiling alaala ng Inang Iglesya na mula rito ay humiwalay ang mga sektang hindi Katoliko."

The Faith of Millions (Huntington, IN: Our Sunday Visitor, Inc. 1974), P. 401.

5. Paanong pinaghahambing ang mga hayop ng Apokalipsis 13 at 17?

Apokalipsis 13:1 *At ako'y tumayo sa buhanginan ng dagat, At nakita ko ang isang hayop na umahon sa dagat, na may _____ sungay at pitong _____, … at sa kanyang mga ulo ay mga pangalan ng _____.*

Apokalipsis 17:3 *At nakita ko ang isang babae na nakasakay sa isang hayop na pula; na puno ng mga pangalan ng _____, na may pitong _____ at sampung _____.*

PALIWANAG: Ang hayop ng Apok.13:1-10 at ng Apok. 17 ay maliwanag na iisa. Kapwa sila sumisimbolo ng kapangyarihan ng Roma. Ang Apok. 17 ay itinuturo ang pagkakaisa ng iglesya at estado, na ang iglesya (ang bumagsak na babae) ang nakasakay at sumusupil sa estado (ang hayop). Inilalarawan din ng Apokalipsis 13 ang dalawang hayop na kasangkot sa pamimilit sa iba na sumamba. Ang unang hayop ay ang kapangyarihan din na tulad ng "ina ng mga patutot" na inilalarawan sa Apokalipsis 17. Ang araling ito ay ihahayag ang pagkakikilanlan ng ikalawang hayop.

6. Ano ang kahulugan at pinagmulan ng salitang "Babilonya"?

Genesis 11:4, 6, 7, 9 *Magtayo tayo ng isang bayan natin at ng isang moog, na ang taluktok niyaon ay aabot hanggang sa langit. … At sinabi ng Panginoon, … Halikayo, tayo'y bumaba, at diyan din ay _____ ang kanilang wika. … Kaya ang pangalang itinawag ay Babel; sapagkat doon _____ ng Panginoon ang wika ng buong lupa.*

PALIWANAG: Ang mga salitang "Babel" at" Babilonya" ay kapwa nangangahulugan ng kaguluhan". Ang pangalan ay nagsimula sa Tore ng Babel, na itinayo ng mapaghimagsik na mga pagano pagkaraan ng Baha. Itinayo nila ito ng napakataas upang huwag maabot ng tubig ng anumang baha. Ngunit ginulo ng Panginoon ang kanilang mga wika, na lumikha ng lubhang kaguluhan, anupa't hindi na ipinagpatuloy ang kanilang panukala. Sa dakong huli, ang Babilonya ay naging isang pangsanlibutang kaharian na mapagsamba sa mga dios-diosan, at siyang umusig sa bayan ng Dios. Sa aklat ng Apokalipsis, ang Babilonya ay isang huwad na kahariang relihiyoso na kaaway ng espirituwal na Israel ng Dios.

7. Paanong inilalarawan ng Dios ang Babilonya sa Kanyang mahigpit na panawagan na lisanin ito ng Kanyang bayan?

Apokalipsis 18:2-4 *At Siya'y sumigaw nang malakas na tinig, na nagsasabi, _____, naguho ang dakilang Babilonya, at naging tahanan ng mga demonyo, at kulungan ng bawat espiritung karumaldumal ._____ _____ sa kanya, bayan ko, upang huwag kayong mangaramay sa kanyang mga kasalanan, at huwag kayong magsitanggap ng kanyang mga salot.*

PALIWANAG: Sinasabi ng Dios na ang Babilonya ay gumuho at naging tahanan ng mga demonyo at masasamang espiritu. Siya'y nagbabala na ang kanyang mga kasalanan ay lubhang karumaldumal at kailangang siya'y wasakin. Kailangan lumabas sa kanya ang bayan ng Dios upang sila'y huwag makasama sa pagkawasak ng kanyang mga salot.

8. Paulit-ulit na binibigyang-sala ng Panginoon ang Babilonya sa kanyang gawain na lasingin ng kanyang alak ang sanlibutan. Ano ang alak na ito?

Apok. 17:4 *Na sa kanyang kamay ay may isang sarong ginto na puno ng* _____ *at ng mga bagay* _____ .

PALIWANAG: Ang kanyang saro ng alak ay puno ng mga nakalalasing na mga kasinungalingan (Mga Kawikaan 12:22), o mga huwad na turo na lumalango sa espirituwal na buhay ng tao.

Narito ang talaan ng ilan sa nakahahaling na mga kasinungalingan:

A. Wala nang bisa ang Sampung Utos (Tingnan ang araling 6).
B. Ang kabanalan ng araw ng Linggo (Tingnan ang araling 14).
C. Lihim at masidhing kagalakan (Secret Rapture) (Araling 3).
D. Kawalang Kamatayan ng Kaluluwa (Araling 9
E. Walang Hanggang Paghihirap sa Impiyerno (Araling 10).
F. Pangungumpisal sa Pari (Araling 13).
G. Huwad na Pagbibinyag (Araling 11).
H. Kaguluhan ng mga Wika (Araling 23).

Ang malungkot na katotohanan ay, sa minsang tanggapin ang pabalita ng Babilonya, ang tao ay magiging lango na sa espiritu at halos hindi na niya mauunawaan ang tunay na sinasabi ng Biblia, sapagkat ang mga huwad na aral na ito ay siyang hahadlang sa kakayahan ng tao na lubos na maunawaan ang katotohanan.

9. Anong kapangyarihan ang tatangkilik sa hayop sa huling panahon?

Apokalipsis 13:11, 12 *At nakita ko ang* _____ *na umaahon sa lupa; at may dalawang sungay na katulad ng sa isang kordero, at siya'y nagsasalitang gaya ng dragon. At kanyang isinagawa ang buong kapamahalaan ng unang hayop sa kanyang paningin. At pinasamba niya ang lupa at ang nangananahan dito sa unang hayop, na gumaling ang sugat na ikamamatay. Ihanda ang inyong sarili!*

PALIWANAG: Ang ikalawang hayop ng Apok.13 ay kumakatawan sa Estados Unidos ng Amerika. Isaalangalang ang katibayan:

A. *Ang panahon ng pagbangon nito.*

Inilalarawan ng Dios na ang pagbangon ng kapangyarihang ito ay kaalinsabay ng pagkabihag at pagtanggap ng sugat na ikamamatay ng unang hayop (Apokalipsis 13:10, 11). Ang pagbangon ng Amerika ay kasabay ng pagkawasak ng kapangyarihan ng kapapahan sa katapusan ng 1,260-taon noong l798. Nagpahayag ng kalayaan ang Amerika noong 1776, inihalal ang kanyang Konstitusyon noong l787, at pinagtibay ang Bill of Rights noong l79l, at maliwanag na kinilala na pangsanlibutang kapangyarihan noon 1798.

B. *Bumangon ito mula sa lupa.*

Tulad ng nakaraan nating pagaaral, ang tubig, na mula rito ay bumangon ang maraming kaharian (hayop) ay kumakatawan sa isang lugar na tinatahanan ng maraming tao (Apokalipsis 17:15). Ang lupa ay kumakatawan sa kataliwas nito. Ang Estados Unidos ay umaakma sa paglalarawang ito, sapagkat ang bansang ito ay natatag sa isang lugar na iilan pa lamang ang mga naninirhan.

C. *Mayroon itong dalawang sungay na tulad ng Kordero*

Sa propesiya, ang kordero ay kumakatawan kay Jesus at ang sungay ay sa kapangyarihan. Ang dalawang sungay ay kumakatawan sa mga simulaing Protestante na dito natatag ang bansang Amerika—kalayaang panlipunan at pangrelihiyon. Ang mga nagsipagtatag nito ay mga lumikas mula sa Europa upang makatakas sa paguusig na pangrelihiyon at pampulitika. Nagtayo sila ng isang lipunang nakabatay sa mga simulain ng kalayaang panglipunan at pangrelihiyon—"pamahalaang walang hari, at relihiyong walang Papa."

10. Sangayon sa propesiya, anong dagliang pagbabago ang magaganap sa Amerika?

Apokalipsis 13:11 *At siya ay* _____ *na tulad ng* _____.

PALIWANAG: Ang ibig sabihin ng pagsasalita na tulad ng dragon ay, ang Estados Unidos, sa ilalim ng impluwensya ni Satanas, ay babaguhin ang orihinal na simulaing Protestante nito na paghihiwalay ng iglesya at ng estado. Ito'y magpapatibay ng mga batas na pangrelihiyon na pipilit sa mga tao na sumamba nang taliwas sa kanilang konsiyensya o kaya'y maparusahan ng mga pagpigil na pangkabuhayan (mga talatang 16, 17) at sa wakas ay kamatayan (talatang 15).

11. Anong tatlong kapangyarihan ang magkakaisa laban sa bayan ng Dios sa huling panahon?

Apok. 16:13 *At nakita kong lumabas sa bibig ng* _____ *at mula sa bibig ng* _____, *at mula sa bibig ng* _____ _____ *ang tatlong espiritung karumaldumal na tulad ng palaka.*

PALIWANAG: Ang dragon ay si Satanas (Apok. 12:9), na gumagawa sa pamamagitan ng mga relihiyong pagano. Ang hayop ng Apokalipsis13:1-10 ay ang kapapahan. Ang bulaang propeta ng Apokalipsis 16 ay ang tumalikod na Protestantismo sa Amerika, na siya ring kapangyarihan na tulad ng hayop na nasa Apokalipsis 13:11-17 na may dalawang sungay na tulad ng kordero, ngunit sa huli ay magsasalitang tulad ng dragon. Ito ang kapangyarihang gumagawa ng "mga dakilang tanda" at "nadaraya niya ang mga nanahan sa lupa sa pamamagitan ng mga himala na mayroon siyang kapangyarihang gawin sa paningin ng hayop." Apok. 13:13, 14. (Ihambing ang paglalarawan sa bulaang propeta sa Apok. 19:20.)

12. Ang iba't-iba bang mga samahang ito ay mabisang magkakaisa?

Apok. 16:14 *Sapagkat sila'y mga espiritu ng mga demonyo, na nagsisigawa ng mga tanda, na pinaroroonan nila ang* _____ *ng lupa at ang* _____ *sanlibutan upang tipunin sa pagbabaka sa dakilang araw ng Dios na Makapangyarihan sa lahat.*

PALIWANAG: Opo, sinasabi ng Dios na sila'y magkakaisa. Pansinin na sila'y nagkakaisa sa pagpapalaganap ng pandaraya at pagbuo ng pagkakaisa laban sa bayan ng Dios. Ang "labanan sa dakilang araw ng Dios na Makapangyarihan sa lahat" ay siya ring labanan kapag ang dragon ay nakipagbaka na sa binhi ng babae (Apok. 12:17).

13. Anong mabisang mga paraan ang gagamitin sa huling panahon ng pagkakaisang ito?

Apok 16:14 *Sapagkat sila'y mga espiritu ng mga demonyo, na nagsisigawa ng* _____.

Apok. 13:13, 14 *At siya'y gumagawa ng mga dakilang* _____ *na anupat nakapagpapababa ng apoy mula sa langit hanggang sa lupa sa paningin ng mga tao. At* _____ *niya ang mga nanahan sa lupa dahil sa mga tanda na sa kanya'y ipinagkaloob na magawa.*

PALIWANAG: Ang pagkakaisang ito sa huling panahon ay gagawa ng mga makapangyarihang himala sa pamamagitan ng mga espiritu ng mga demonyo, at halos ang buong sanlibutan ay maniniwala (Apok.13:3) at madaraya. Sinasabi ng Apokalipsis 18:23, "Dinaya ng iyong panggagaway ang lahat ng mga bansa."

14. Ano ang makapipigil sa bayan ng Dios sa huling panahon upang hindi sila madaya?

Isaias 8:20 *Sa _____ at sa _____: kung hindi sila magsalita ayon sa salitang ito, tunay na walang umaga sa kanila.*

PALIWANAG: Ang bayan ng Dios ay nangangailangang subukin sa Biblia ang lahat ng bagay. Sila'y hindi madaraya, sapagkat susubukin nila ang mga himala at turo upang mapagkilala kung ang mga ito'y mula sa espiritu ng mga demonyo o sa Panginoon.

Ang Iyong Tugon

Ngayon ang Dios ay tumatawag sa Kanyang bayan na lumabas ng Babilonya tungo sa kaligtasan ng Kanyang nalabing Iglesya. Sinasabi Niya na ang lahat ng mananatili sa Babilonya ay makakabahagi ng kanyang mga kasalanan at tatanggap ng kanyang mga salot. Sa kaarawan ni Noah, walo lamang ang pumasok sa daong na inihanda ng Dios para sa kanilang kaligtasan. Ang lahat ng iba ay nangamatay. Ngayon Siya ay nagkakaloob sa Kanyang nalabing iglesya ng isang daong ng kaligtasan, at milyon ang mga pumapasok. Si Jesus ay nagaanyaya sa iyo "Lumulan ka at ang iyong buong sambahayan sa sasakyan." Genesis 7:1. Tutugunin mo ba Siya ng "Oo" sa Kanyang paanyaya?

TUGON: _____.

Karagdagan

Ang bahaging ito ay mga dagdag na impormasyon para sa dagdag na pag-aaral.

Gaano Kamakapangyarihan ang Estados Unidos at Roma?

Ang Apokalipsis 13 ay nagtuturo na sa huling panahon, ang kapapahan at ang Estados Unidos ay magsasanib upang impluwensyahan ang buong sanlibutan na sumamba sa hayop. Magiging sapat ba ang kanilang kapangyarihan upang magampanan ito?

Ang kapapahan, sa kasalukuyan, ay siyang pinakamalakas na kapangyarihang pangrelihiyon at pampulitika sa sanglibutan. Halos lahat ng pangunahing bansa ay may opisyal na kinatawan sa Vatican. Ang papa ay labis na iginagalang at halos ay sambahin at tinatanggap ng halos lahat ng bansa. Si Mikhail Gorbachev ay nagwika, "Halos lahat ng bagay na naganap sa Silangang Europa sa mga huling taon ay hindi mangyayari, kundi sa pagsisikap ng Papa, kasama ang kanyang makapangyarihang bahaging pampulitika, na kanyang ginampanan sa sanlibutan." Ang papa ay nakagawa ng 50 paglalakbay upang matamo ang kanyang adhikain na pagisahain ang sanlibutang relihiyoso sa ilalim ng kanyang pangangasiwa hanggang sa katapusan ng siglong ito.

Ang Amerika ay kinikilalang pangunahing kapangyarihang militar at sentro ng impluwensya. Ang "Amerika ang nagiisang pinakamapangyarihan (superpower) sa planetang lupa".

Ang "kapangyarihan ng Amerika ngayon ang nagpapasya ng lahat ng pangunahing pangyayari sa sanlibutan." Ang propesiya ng Biblia ang paunang nagsasabi nang walang alinlangan na ang Estados Unidos at ang kapapahan ay magsasanib, at pinatutunayan ng mga pangyayari sa sanlibutan na ang koalisyong ito ay nabubuo na.

The Toronto Star, March 9, l992, p. A-1
"The UN Obsession," *Time*, May 9, 1994, p. 86
Jim Hoaglad, "Of Heroes …," *The Washington Post,* 8-21-91, p. A-23